

Kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo at antas ng pag-unawa sa pagbasa

Caringal, Myralyn B. ✉

Atty. Celso M. Reyes Integrated National High School, Philippines (myralyn.caringal@deped.gov.ph)

Carada, Imelda G.

Laguna State Polytechnic University-San Pablo City Campus, Philippines (imelda.carada@lspu.edu.ph)



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 29 July 2024

Revised: 25 September 2024

Accepted: 1 October 2024

Available Online: 1 October 2024

DOI: 10.5861/ijrse.2024.24821

Abstract

Isa sa mga kinakaharap na suliraning pang-edukasyon na nararapat na bigyang-pansin ng mga kaguruan ay ang pag-unawa sa pagbasa lalo na sa panahon ng pandemya. Bunsod nito, ang pag-aaral na ito ay may layuning malaman ang epekto ng kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo sa antas ng pag-unawa sa pagbasa. Ang mananaliksik ay gumamit ng *Descriptive-Experimental* na pag-aaral na may 70 tagasagot mula sa Ikasampung Baitang sa isang pambansang mataas na paaralan sa Quezon. Batay sa resulta, nalaman na lubos na tinanggap ng mga mag-aaral ang paggamit sa kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo. Sa kabuuan, ipinakita ng mga natuklasan na napakalaki ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa pag-unawang literal, pag-unawang inferensiyal, malikhaing pagbasa, at kritikal o mapanuring pagbasa bago at pagkatapos na gamitin ang mga kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo. Napatunayang malaki ang naitulong ng mga kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Kaya naman lubos na hinihikayat at iminumungkahi ng mananaliksik na magsagawa ng mas malalim at mas malawak pang pag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng makabagong teknolohiya upang pag-ibayuhin at suportahan ang mga resulta ng pag-aaral na ito sa iba pang panahon.

Keywords: kontekstuwalisadong palaro, estratehiya, antas ng pag-unawa sa pagbasa

Kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo at antas ng pag-unawa sa pagbasa

1. Panimula

Ang pagkakaroon ng edukasyon ay isa sa mga pinaniniwalaang paraan upang ang isang kabataan ay magkaroon ng magandang kinabukasan. Kaakibat nito ang kaalaman na makukuha at maikikintal ng paaralan. Pinaniniwalaang ito ang susi sa baul ng kaalaman na nais makita ng sino man. Ang pagpili ng isang estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto ay maituturing na hindi madaling gawain. Masasabing mabisa ang napiling estratehiya kung ito ay makapag-aambag ng malaking pagbabago sa mga mag-aaral. Inihayag ni Bloom sa kaniyang “Learning For Mystery” na binibigyang-diin ang lubusang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga araling itinuturo na may kaugnayan sa mabuting kondisyon sa pagkatuto. Sa ganitong pamamaraan, pinupukaw ang atensyon at interes ng mga mag-aaral para sa isang mabisang pagkatuto.

Ayon sa pag-aaral ni Matic-An (2020) kailangang mahasa ng mga guro ang kanilang kakayahan sa pagtuturo at pagiging dalubhasa sa asignaturang tinuturuan. Dapat maunawaan ng mga guro ang kaligiran ng pagkatuto ng bawat mag-aaral at may kakayahang bumuo ng mga aktibong gawain para makahasa ng isang produktibong mag-aaral. Isa sa mga hamon na kinakaharap sa larangan ng edukasyon ay ang antas ng pag-unawa sa pagbasa. Pangunahing layunin ng pagbasa ay ang alamin ang pangangailan o dahilan kung bakit ang tao ay nagbabasa. Kapag natukoy na ang layunin, maaari nang gumamit ng mga estratehiya upang mapaunlad ang kakayahan sa pagbasa at ang inaasahang bunga ay matatamo.

Ang layuning mabigyan ng mga alternatibong gawain sa pagbasa na maaaring gawin kahit wala ang gabay ng mga guro at mga magulang upang maunawaan ang mga salitang angkop batay sa edad at lebel ng mga mag-aaral. Bagama’t ang pagbabasa kung minsan ay nakababagot para sa iba, kung ito ay mabibigyan ng mga alternatibong paraan upang kagiliwan at maunawaan ng mga mag-aaral ay tiyak na hindi lamang sa pagbasa sila magiging mahusay kundi pati na rin sa pag-unawa sa tekstong kanilang binabasa.

2. Citations

Ayon kay Lopez (2016), sa pamamagitan ng RA No. 10533 o Enhanced Basic Education Act of 2013, ang kontekstuwalisasyon ay binigyang-kahulugan bilang proseso ng pag-uugnay ng kurikulum o aralin upang maging makabuluhan at may kaugnayan na konteksto. Ito ay tumutulong sa mga mag aaral na magkaroon ng mga bagong kasanayan at kaalaman. Dapat mahikayat ang mga mag-aaral na matuto at makibahagi sa proseso ng pagkatuto.

Ang pagkakaroon ng mga kontekstuwalisadong palaro sa pagitan ng guro at mga mag-aaral; mga mag-aaral at kagamitang pampagtuturo o sa panitikang ay makatutulong upang maipahayag ang sariling ideya, pag-unawa sa binasa, pakikinig, at pagbuo ng kahulugan sa isang bigayang konteksto. Isa ang Brigada Pagbasa sa mga programang naglalayong mapahusay ang galing at kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Ito ay itinuturing na isang anyo ng Brigada Eskwela bilang tugon sa Hamon: Bawat Bata Bumabasa o DepEd 3B Initiative na inilabas sa ilalim ng DM 173, s. 2019. Ang lahat ng mga kaisa sa pagpapatupad ng programang ito ay hinihikayat na magsagawa ng pakikipagtulungan sa mga mag-aaral, mga magulang, pamahalaan at mga guro para sa pagbabasa gamit ang iba’t ibang alternatibong paraan tulad ng modular, online, at blended na paraan ng pag-aaral.

Hindi maikakaila na ang pagkakaiba ng mga mag-aaral o indibiduwal ay dapat ding isaalang-alang sa pagpili ng mga gawain na hindi lamang sa aralin babagay kundi pati na rin sa mga tagapakinig. Ang estratehiyang gagamitin ng guro ay makatutulong sa kakayahan ng mga mag-aaral na makabuo ng mabisang

persepsyon at komprehensyon sa aralin at magkakaroon din ng kapakinabangan sa pagkatuto at pag-aaral. Layunin ng mananaliksik na magbigay ng kaalaman ukol sa mga kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo na makatutulong sa pagkatuto at paglinang ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan at mapaunlad ang antas ng guro sa pagtuturo. Nangangailangan na ang tagapagturo ay dapat na magkaroon ng mga diskarte na mag-uudyok sa paksa ng pagkatuto upang lumahok nang aktibo sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ninanais din ng mananaliksik na mapataas ang antas ng pang-unawa ng mga mag-aaral na magiging kapaki-pakinabang sa kanilang pagkatuto.

2.1 Paglalahad Ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo at ang antas ng pag-unawa sa pagbasa. Kaugnay nito, nilalayon ng pag-aaral na ito na masagot ang mga sumusunod na katanungan:

- Ano ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa mga kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo batay sa ekperimentasyon, talakayan, aktibidad o Gawain, at repleksyon?
- Ano ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Paunang Pagsusulit at Panapos na Pagsusulit bago at pagkatapos gamitin ang mga kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo batay sa pagiunawang literal, pag-unawang inferensiyal, malikhaing pagbasa, at kritikal o mapanuring pagbasa?
- May makabuluhang pagkakaiba ba ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang mga kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo?

2.2 Disenyo ng Pananaliksik

Ang mananaliksik ay gumamit ng *Descriptive-Experimental* na pag-aaral. Ayon kay McCombes (2022), ang disenyo ng pag-aaral na ito ay isang uri ng pananaliksik na naglalayong tumpak at sistematikong ilarawan ang isang populasyon at sitwasyon. Maaaring gumamit ng iba't ibang mga pamamaraan ng pananaliksik upang siyasatin ang isa o higit pang mga baryabol ngunit hindi kinokontrol o minamanipula ang alinman sa mga baryabol.

Gumamit ng deskriptibong disenyo sa pag-aaral na ito ang mananaliksik upang malaman ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa mga kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo batay sa eksperimentasyon, talakayan, aktibidad o gawain, at repleksiyon sa pamamagitan ng isang *Survey Questionnaire*. Ayon kay McCombes (2022), ang deskriptibong pananaliksik ay ang disenyo ng pananaliksik na dapat na maingat na binuo upang matiyak na ang mga resulta ay may bisa at maasahan.

Sa kabilang banda, nilapatan naman ng eksperimental na disenyo ang pag-aaral na ito upang ilarawan bilang isang siyentipikong pamamaraan ng pananaliksik kung saan ang malayang baryabol ay inilalapat sa di-malayang baryabol upang masukat ang epekto at resulta nito na binanggit ni Fidiyas Arias (2012) sa kaniyang pag-aaral na "*The Research Project*". Ginamitan ang pag-aaral na ito ng *one-group* na Paunang Pagsusulit (*Pretest*) at *one-group* na Panapos na Pagsusulit (*Posttest*) upang masukat ang antas ng pag-unawa sa pagbasa at natutunan ng mga mag-aaral matapos na magamit ang mga kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo na inihanda ng guro. Minimithi nitong alamin at pag-aralan ang kabisaan ng paggamit ng mga kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo upang mapataas ang abilidad ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga akdang pampanitikan.

2.3 Mga Tagasagot Sa Pag-aaral

Ang mananaliksik ay gumamit ng siyamnapu't pitong (97) mga mag-aaral na nasa Ikasampung Baitang at mula sa mga klaseng nasa kaniyang pamatnubay ay pipili ng pitompung (70) mga mag-aaral na siyang

pinagkunan ng resulta ng pananaliksik. Pinili ng mananaliksik ang mga tagasagot sa pamamagitan ng pagsagot sa *Survey Questionnaire*, *Pretest* at *Posttest* upang tayain ang antas ng kanilang kakayahan at pagsagot ng mga katanungan na may kaugnayan sa mga akdang pampanitikang tinalakay sa klase at masukat ang kanilang kakayahan at antas ng pag-unawa sa pagbasa.

Matapos na makapagsagot ang mga mag-aaral ay ginamit ng mananaliksik ang *Purposive Random Sampling* kung saan mula sa siyamnapu't pitong (97) mga mag-aaral ay pinili ang tig-tatlo limang (35) mga mag-aaral na mula sa dalawang seksiyon (*Love* at *Temperance*) na nasa pamatnubay ng mananaliksik na may kabuuang pitompung (70) mga mag-aaral.

Ginamit ng mananaliksik ang *Purposive Sampling* dahil ang kasalukuyang paraan ng pag-aaral ng mga naging tagasagot ay *Blended Modality Learning*. Isinaalang-alang din sa pag-aaral na ito ang mga mag-aaral na araw-araw pumapasok sa klase. Ayon kay Nikolopoulou (2022) ang *sampling* na ito ay tumutukoy sa isang grupo ng mga pamamaraan kung saan ang mga yunit ay pinili dahil mayroon silang mga katangian magkakapareho.

Samantala, ginamit naman ang *Random Sampling* upang piliin ang bawat miyembro ng populasyon ng dalawang seksiyon na may eksakto at pantay na pagkakataon upang mapili. Ayon kay Thomas (2020), ang pamamaraang ito ang pinaka-angkop na pamamaraan dahil ito ay nagsasangkot ng isang *random* na pagpili at nangangailangan ng paunang kaalaman tungkol sa populasyon.

2.4 Instrumento Ng Pag-aaral

Ang pangunahing instrumentong ginamit sa pagkalap ng datos sa pag-aaral na ito ay Paunang Pagsusulit (*Pretest*) at Panapos na Pagsusulit (*Posttest*) na binuo sa pamamagitan ng paggamit ng talahanayan ng pagtutukoy (TOS) upang malaman at masukat ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang mga nasabing pagsusulit ay naglalaman ng mga tanong na may tiyak na kaugnayan sa pag-aaral at naglalaman ito ng mga kasagutan ng mga tagasagot. Ang nilalaman ng Paunang Pagsusulit (*Pretest*), Panapos na Pagsusulit (*Posttest*) at talatanungan ay ipinakita at ipinabasa sa balideytor upang ipasuri. Maging ang mga *Lesson Exemplar* ay inayos upang umangkop sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa kontekstuwalisadong palaro at antas ng pag-unawa sa pagbasa. Isinaalang-alang ng mananaliksik ang mga komento at suhestiyon ng mga balideytor na nagmula sa iba't ibang paaralang tulad ng Philippine Normal University (PNU), San Nicolas 3, Bacoor City-Senior High School, at Pansol Integrated National High School para sa ikahuhusay ng instrumentong ginamit.

Dagdag pa rito, binuo ng mananaliksik ayon sa suliraning inilahad, ang *Survey Questionnaire* upang malaman ang antas ng pagtanggap sa mga kontekstuwalisadong palaro na gagamitin bilang estratehiya sa pagtuturo. Matapos nito ay gumawa ang mananaliksik ng liham para sa punungguro ng Atty. Celso M. Reyes Integrated National High School upang ipaalam at isagawa ang *Pilot Testing*. Pagkatapos na makuha ang resulta ng *Pilot Testing* ay ipinasuri ng mananaliksik sa kaniyang mahusay na *Statistician* ang nakalap na datos upang makita at matiyak ang *reliability* at *consistency* nito sa pag-aaral. May ilang mga pahayag na binawas ngunit karamihan ay nanatili gamit ang *Cronbach Alpha* at *Kuder-Richardson*. Ang mga kinalabasang resulta ng *Pilot Testing* ang naghudyat sa mananaliksik na isagawa ang pag-aaral.

3. Tables and Figures

3.1 Pagsusuring Istatistikal

Upang isagawa nang maayos ang pagbibigay-kahulugan at interpretasyon sa mga datos na nakalap, gumamit ang mga mananaliksik ng mga simpleng pamamaraang pang-istatistika. Ang deskriptibong istadistikang *mean* at *standard deviation* ay ginamit sa pagsusuri ng antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo batay sa eksperimentasyon, talakayan, aktibidad o gawain, at repleksiyon

sa pamamagitan ng isang *Survey Questionnaire*. Samantala, ginamit ng mananaliksik ang *frequency* at *percentage* upang malaman ang marka ng mga mag-aaral sa antas ng pag-unawa sa pagbasa bago at pagkatapos na gamitin ang mga kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo. Sa pagsusuri naman ng mga epekto ng kontekstuwalisadong palaro sa pagtuturo sa pagganap ng mga tagasagot, ginamit ng mananaliksik ang *Paired t-test* upang paghambingin ang naging resulta at matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba bago at pagkatapos na gamitin ang mga kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo.

Talahanayan 1

Antas ng Pagtanggap sa Kontekstuwalisadong Palaro Batay sa Eksperimentasyon

Mga Pahayag	Mean	SD	VI
1. Nakatutulong ang mga gawain upang malaman kung may matinding pagbabago sa aking kasanayan.	3.54	0.50	<i>Lubos na Katanggap-tanggap</i>
2. Nakapagdaragdag ang mga gawain upang magkaroon ng mga diskarte sa aking pag-aaral.	3.54	0.50	<i>Lubos na Katanggap-tanggap</i>
3. Maayos na naikondisyon ng mga gawain ang aking sarili upang mapukaw ang aking atensiyon at interés.	3.49	0.56	<i>Katanggap-tanggap</i>
4. Nagiging handa at komportable ako sa aming klase sa pamamagitan ng mga gawaing inihanda ng aming guro.	3.53	0.63	<i>Lubos na Katanggap-tanggap</i>
5. Nasisiyahan ako sa mga gawain dahil sa mga panibagong karanasang bunga nito.	3.70	0.46	<i>Lubos na Katanggap-tanggap</i>
6. Nagbibigay-daan ang mga gawain upang matukoy ko ang pagiging epektibo at mga pagbabago sa akin matapos ang aming aralin.	3.47	0.56	<i>Katanggap-tanggap</i>
7. Naintindihan ko nang lubusan ang aming aralin dahil sa mga gawaing inihanda ng aming guro.	3.43	0.63	<i>Katanggap-tanggap</i>
Overall	3.53	0.31	<i>Lubos na Katanggap-tanggap</i>

Legend: 3.50-4.00 (Lubos na Katanggap-tanggap) 2.50-3.49 (Katanggap-tanggap) 1.50-2.49 (Di-Katanggap -tanggap) 1.00-1.49 (Lubos na Di Katanggap-tanggap)

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo batay sa eksperimentasyon. Ang paggamit ng kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo sa panahon na ang mga mag-aaral ay nag-eksperimento ay nakakuha ng kabuuang *mean* na 3.53 at *standard deviation* na 0.31 na may katumbas na “Lubos na Katanggap-tanggap.” Nagiging malaki ang bahaging ginagampanan ng eksperimentasyon bilang bahagi ng mga kontekstuwalisadong palaro upang mapaunlad ang mga mag-aaral sa kanilang aralin. Pinatutunayan nito na lubosang nagustuhan at naaliw ang mga mag-aaral sa mga gawain dahil sa mga panibagong karanasang naidudulot nito. Kinakailangang maging komportable at kaiga-igaya para sa mga mag-aaral ang mga panimulang gawaing ihahanda at ibibigay ng guro upang maging kapaki-pakinabang at epektibo ang isang paksang-aralin.

Batay sa naging resulta, ang pahayag bilang 3, 6, at 7 ay nakakuha ng antas na “Katanggap-tanggap”. Ito ay maaaring ang ilan sa mga mag-aaral ay hindi pa gaanong napukaw ang interes at atensiyon dahil ang mga gawaing nasa ilalim ng eksperimentasyon ay nagsilbing motibasyon o pangganyak pa lamang. Ayon sa pag-aaral ni Milkman (2014) na pinamagatang “*Office Hours: The Importance Of Experimentation*” na nagsabing ang eksperimentasyon ay susi sa pag-aaral gayon pa man napakarami ng nasisiyahan na mangalap lamang ng mga bagong mga impormasyon. Sa pamamagitan lamang ng masusing pag-eksperimento ay maaaring makuha ang mga paghihinuha tungkol sa tagumpay o kabiguan ng mga panibagong ideya o kaisipan.

Talahanayan 2*Antas ng Pagtanggap sa Kontekstuwalisadong Palaro Batay sa Talakayan*

Mga Pahayag	Mean	SD	VI
1. Malaya akong nakikipagpalitan ng ideya at pakikipag-usap sa aking mga kamag-aaral at guro.	3.40	0.69	<i>Katanggap-tanggap</i>
2. Nakabubuo ako ng mga punto at kontribusyon sa talakayan sa aming klase.	3.29	0.54	<i>Katanggap-tanggap</i>
3. Nailalahad ko ang aking mga kaisipan, ideya, damdamin at saloobin ukol sa isang paksa.	3.36	0.59	<i>Katanggap-tanggap</i>
4. Malaya akong nakikipagpalitan ng kuro-kuro o opinyon ukol sa isang paksa sa aming klase.	3.17	0.64	<i>Katanggap-tanggap</i>
5. Nalilintang ko ang mga kakayahang tulad ng pangangatwiran, pagpapaliwanag, pagsasalita, at mabilis na pag-iisip ukol sa isang isyu.	3.16	0.65	<i>Katanggap-tanggap</i>
6. Nagiging makabuluhan at kaakit-akit ang mga karanasan ko sa aming pag-aaral sa pamamagitan ng talakayang dynamic, eye-opening, at generative.	3.19	0.55	<i>Katanggap-tanggap</i>
7. Nagagawa kong makilahok sa pagpapalano at paghahanda sa anumang gawain o aktibidad sa loob ng klase.	3.71	0.49	<i>Lubos na Katanggap-tanggap</i>
8. Nakatutulong ang talakayan upang maging maunlad at epektibo akong mag-aaral.	3.70	0.49	<i>Lubos na Katanggap-tanggap</i>
9. Naisasaalang-alang ko ang pakikipag-usap tungkol sa isang paksa, suliranin o konsepto upang makahanap ng isang pinagkasunduan o solusyon.	3.33	0.50	<i>Katanggap-tanggap</i>
10. Nakabubuo ako ng mga pagsusuri, paghahambing at konklusyon sa pamamagitan ng aming talakayan.	3.36	0.57	<i>Katanggap-tanggap</i>
Overall	3.37	0.32	<i>Katanggap-tanggap</i>

Legend: 3.50-4.00 (Lubos na Katanggap-tanggap) 2.50-3.49 (Katanggap-tanggap) 1.50-2.49 (Di-Katanggap -tanggap) 1.00-1.49 (Lubos na Di Katanggap-tanggap)

Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo batay sa talakayan. Ang paggamit ng mga kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo sa bahaging talakayan ay nakakuha ng kabuuang *mean* na 3.37 at *standard deviation* na 0.32 na may katumbas na “Katanggap-tanggap.” Maayos na nagagawa ng mga mag-aaral sa loob ng klase ang pakikilahok kahit na kung minsan ay nakararamdam sila ng pagkabagot lalo na sa mga oras na maalinsangan. Ang ugnayan at interaksyon mula sa guro at mga mag-aaral ang siyang nagiging sandigan upang mapaunlad at maging epektibo ang isang estratehiyang gagamitin sa pagtuturo. Bukod pa rito, lubos na nakatutulong ang talakayan upang maging epektibo, makabuluhan, at mas nananatili sa isipan ang pagbabahagi ng kaalaman sa bawat indibiduwal.

Batay sa naging resulta, kapansin-pansin na nakakuha ng “Lubos na Katanggap-tanggap” ang pahayag bilang 7 at 8. Indikasyon ito na lubhang nakiisa at naging makabuluhan para sa mga mag-aaral ang mga gawaing inihanda, pinagplanohan, at patuloy na pinadaloy ng isang guro sa kaniyang klase. Ang talakayan ay naging paraan upang maintindihan at maunawaan ng mga mag-aaral ang paksang-aralin na kanilang pinag-aralan. Bukod pa rito, malayang naipahayag ng mga mag-aaral ang kanilang mga saloobin, opinyon, at ideya tungkol sa kanilang aralin. Ang pagpapasigla ng kaisipan, pagpapahayag ng damdamin at paniniwala, at pagpapaunlad ng mga kasanayan ay maituturing na isang estratehiya ang talakayan na idinisenyo. Namamagitan din sa guro at mga mag-aaral ang interaksyon at ugnayan kung saan ito ay kinabibilangan ng mga katangian sa isang pagtuturo na nakasentro sa mag-aaral. Ang pagkatuto ay maaaring nakasentro sa bawat indibiduwal na binaggit sa sa

pag-aaral ni Pachina (2020) na pinamagatang “*The Importance Of Discussion As A Teaching Method.*”

Talahanayan 3

Antas ng Pagtanggap sa Kontekstuwalisadong Palaro Batay sa Aktibidad

Mga Pahayag	Mean	SD	VI
1. Nakatutulong sa akin ang mga gawain upang maibahagi ko ang aking mga kaalaman sa aking mga kamag-aaral.	3.63	0.52	<i>Lubos na Katanggap-tanggap</i>
2. Napauunlad ang mabuting ugnayan at interaksyon sa aming klase sa pamamagitan ng mga gawaing inihanda ng aming guro.	3.69	0.47	<i>Lubos na Katanggap-tanggap</i>
3. Nalilinig ang pagmumuni-muni, pagkakaroon ng mga bagong impormasyon at maaayos na pamamahala sa aming klase dahil sa mga gawaing inihanda ng aming guro.	3.67	0.50	<i>Lubos na Katanggap-tanggap</i>
4. Nananatili akong gising at alerto sa aming klase dahil sa mga gawaing inihanda ng aming guro.	3.36	0.61	<i>Katanggap-tanggap</i>
5. Nagiging masigasig ako dahil sa mga gawaing inihanda ng aming guro.	3.44	0.61	<i>Katanggap-tanggap</i>
6. Nakakukuha ako ng mga tiyak na kaalaman sa pamamagitan ng mga gawain bago at pagkatapos ng aming aralin.	3.69	0.47	<i>Lubos na Katanggap-tanggap</i>
Overall	3.58	0.31	<i>Lubos na Katanggap-tanggap</i>

Legend: 3.50-4.00 (Lubos na Katanggap-tanggap) 2.50-3.49 (Katanggap-tanggap) 1.50-2.49 (Di-Katanggap -tanggap) 1.00-1.49 (Lubos na Di Katanggap-tanggap)

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo batay sa aktibidad o gawain. Napatunayang ang mga aktibidad o gawaing inihanda ng guro sa bawat paksang-aralin ay naging mabisa at makabuluhan upang matuto ang mga mag-aaral dahil sa kabuuang *mean* na 3.58 at *standard deviation* na 0.31. Ito ay may katumbas na “Lubos na Katanggap-tanggap.” Ang mga tiyak na kaalamang nakuha ng mga mag-aaral ay magsisilbing sandata nila sa pagkamit ng mas mataas na karunungan sa aralin. Maging ang pakikipagpalihan sa kanilang guro ay naging makabuluhan din tungo sa lubusang pagkatuto. Bukod sa napupukaw ng mga kasiya-siyang aktibidad o gawain ang atensyon at interes ng mga mag-aaral ay nagiging mabisa rin ang kanilang pagkatuto tungo sa indibiduwal na pag-unlad. Nagkakaroon ng mga tiyak na kaalaman ang bawat indibiduwal sa paksang kanilang pinag-aralan.

Sa kabilang banda, ang pahayag bilang 4 at 5 ay nakakuha ng “Katanggap-tanggap.” Mapapansing ang mga mag-aaral ay nakararamdam din ng mga pag-aalinlangan sa mga bagay na bahagi ng pagkatuto. May mga oras na dumarating din sa puntong nagkakaroon sila ng mga pag-aalinlangan sa kung paano gagawin ang aktibidad o gawain. Nahihiya rin silang ibahagi sa klase ang mga bagay na nalalaman nila sa takot na baka sila ay magkamali. Ngunit ginawa ng guro ang lahat ng kaniyang makakaya upang maintindihan at maunawaan ang bawat isa. Ito ay isang paraan upang maintindihan ng guro kung alin sa bahagi ng kaniyang pagtuturo nasisiyahan o nahihirapan ang mga mag-aaral.

Sang-ayon ito sa pahayag nina Newton, Guyer, Gonzales, at Smith (2018) sa kanilang pag-aaral na “*Activity Engagement and Activity-Related Experiences: The Role of Personality*” na maging ang pagkakaugnay ng personalidad sa pakikilahok sa aktibidad o gawain ay nangangailangan ng kagalingan. Kaya naman nangangailangan din ng sapat na oras at panahon sa mga pang-araw-araw na gawain ng mga mag-aaral. Samakatuwid, dito nagaganap ang pagpapalihan ng mga mag-aaral at guro upang mas maunawaan at mas mapalalim pa ang kaalamang dapat na makamit at taglayin ng isang indibiduwal.

Talahanayan 4*Antas ng Pagtanggap sa Kontekstuwalisadong Palaro Batay sa Repleksiyon*

Pahayag	Mean	SD	VI
1. Nasusuri ko nang mabuti ang aking sarili sa pamamagitan ng paggawa ng repleksiyon.	3.41	0.52	<i>Katanggap-tanggap</i>
2. Naiisa-isa ko ang aking mga natutuhan mula sa aralin at pagninilay.	3.29	0.57	<i>Katanggap-tanggap</i>
	3.47	0.53	<i>Katanggap-tanggap</i>
3. Napalalakas at natatasa ko ang mga kaalaman, kasanayan, at saloobin na aking natutuhan mula sa araling tinalakay ng aming guro.			
	3.63	0.49	<i>Lubos na Katanggap-tanggap</i>
4. Nagagalugad ko ang mga karanasan, damdamin, kaisipan, at mga pagkilos upang makakuha ng mga bagong kaalaman.			
	3.63	0.49	<i>Lubos na Katanggap-tanggap</i>
5. Natutukoy ko ang mga karanasan at bagong impormasyon na maaaring magbigay-daan na magkaroon ng iba't ibang pananaw.			
6. Natututo at nakabubuo ako ng mga bagong kasanayan pagkatapos ng aralin.	3.54	0.50	<i>Lubos na Katanggap-tanggap</i>
	3.27	0.54	<i>Katanggap-tanggap</i>
7. Napauunlad ko ang mga kasanayan sa kritikal na pag-iisip, kahinaan man o kalakasan sa pamamagitan ng pagbibigay ng repleksiyon.			
	3.49	0.56	<i>Katanggap-tanggap</i>
8. Naipahahayag ko sa pamamagitan ng pagninilay ang aking sariling pag-unawa at kognitibong aspeto.			
	3.37	0.54	<i>Katanggap-tanggap</i>
9. Naisusulat at nailalahad ko ang lahat ng aking mga natutuhan mula sa aming aralin.			
Overall	3.46	0.30	<i>Katanggap-tanggap</i>

Legend: 3.50-4.00 (Lubos na Katanggap-tanggap) 2.50-3.49 (Katanggap-tanggap) 1.50-2.49 (Di-Katanggap -tanggap) 1.00-1.49 (Lubos na Di Katanggap-tanggap)

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo batay sa repleksiyon. Isang patunay na tinatanggap ng mga mag-aaral ang mga kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo batay sa repleksiyon ang nakuhang kabuuang *mean* na 3.46 na may *standard deviation* na 0.30. Ang resultang ito ay may katumbas na “Katanggap-tanggap.” Ipinahihiwatig nito na nagagamit ng mga mag-aaral ang mga dati at panibagong mga kaalaman, karanasan, at mga kaisipan para sa ikauunlad ng kanilang sarili. Dagdag pa rito, ang kakayahang matukoy ang mga panibagong kaalamang natutunan mula sa paksang-aralin ay isinaalang-alang din.

Batay sa naging resulta, mapapansing ang pahayag bilang 4, 5, at 6 ay nakakuha ng “Lubos na Katanggap-tanggap.” Napatunayang ang pagkakaroon ng repleksiyon pagkatapos ng paksang-aralin ay naging kasangkapan at mabisa upang malaman ng isang guro na natututo ang kaniyang mga mag-aaral sa klase. Bukod pa rito, sa pamamagitan ng pagninilay maaaring malaman kung ang isang indibiduwal ay may natutunan mula sa aralin. Bunga ito ng mga diskarte, karanasan, at panibagong kaalamang nakuha mula sa paksang-aralin. Malayang naipahayag ng mga mag-aaral ang kanilang mga natutunan mula sa kanilang aralin.

Lumabas na ang mga mag-aaral ay maaaring magpakita ng kanilang mga pagninilay ukol sa isang aralin batay sa pag-aaral ni Cavilla (2017) na pinamagatang “*The Effects of Student Reflection On Academic Performance and Motivation*.” Samakatuwid, ang mga pagninilay ay may layuning mapaunlad ang kaalaman ng mag-aaral nang sa gayon ay makaramdam sila ng pagiging tapat sa pagmumuni-muni. Masusukat din ng bawat isa kung ano o ano-ano ang kanilang mga natutunan mula sa aralin.

Talahanayan 5

Pauna at Panapos na Pagsusulit sa Pag-unawang Literal

Performance Level	Pauna		Panapos		VI
	f	%	F	%	
90 and above	2	2.9	47	67.1	Napakahusay
85-89	14	20.0	14	20.0	Mahusay
80-84	40	57.1	9	12.9	Katamtaman
75-79	12	17.1	-	-	Di-Gaanong Mahusay
Below 75	2	2.9	-	-	Paunlarin pa
Total	70	100.0	70	100.0	

Ipinapakita sa Talahanayan 5 ang naging resulta ng Paunang Pagsusulit (*Pretest*) at Panapos na Pagsusulit (*Posttest*) sa antas ng pag-unawang literal. Mula sa pitompung (70) mga mag-aaral na nagsilbing tagasagot sa pag-aaral, mapapansing bago gamitin ang mga kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo, karamihan ng mga mag-aaral ay nasa antas na “Katamtaman” (80-84) na may katumbas na *frequency* na 40 at nakakuha ng *percentage* na 57.1%. Dito ay katamtaman lamang na nalilintang ng mga mag-aaral ang mga pangunahing detalye na makikita sa akda. Ang pag-alala nila sa mga pangunahing impormasyon ay bahagyang nalilintang pa lamang ng mga mag-aaral.

Samantalang matapos ang implementasyon ng mga kontekstuwalisadong palaro, makikitang mas tumaas ang bilang ng mga mag-aaral na nasa antas na “Napakahusay” (90 pataas) na may katumbas na *frequency* na 47 at nakakuha ng *percentage* na 67.1%. Indikasyon ito na naging mabisa ang epekto ng mga kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo upang mapataas ang antas ng pag-unawang literal ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay naging mahusay sa mga lohikal na antas na ginagamitan ng “*simple recall*”.

Sang-ayon ito sa pag-aaral ni Ofamin (2013) na pinamagatang “*Isang Pagtalakay Sa Antas Ng Pag-Unawa*”, na nagsabing nakapokus sa mga ideya at impormasyong tuwirang nakalahad sa binasang teksto ang pag-unawang literal. Tuwirang nakapaloob dito ang mga pangunahing impormasyon na tulad ng tauhan at tagpuan. Ito ay nagsisilbing pundasyon tungo sa paglinang ng mataas na antas ng pag-iisip. Ito rin ay maaaring sumagot sa mga tanong na tulad ng ano, sino, saan, at kailan kung saan karaniwang makikita ang sagot sa binasang teksto.

Talahanayan 6

Pauna at Panapos na Pagsusulit sa Pag-unawang Inferensiyal

Performance Level	Pauna		Panapos		VI
	F	%	F	%	
90 pataas	2	2.9	31	44.3	Napakahusay
85-89	8	11.4	23	32.9	Mahusay
80-84	27	38.6	13	18.6	Katamtaman
75-79	27	38.6	3	4.3	Di-Gaanong Mahusay
74 pababa	6	8.6	-	-	Paunlarin pa
Total	70	100.0	70	100.0	

Ipinapakita sa Talahanayan 6 ang naging resulta ng Paunang Pagsusulit (*Pretest*) at Panapos na Pagsusulit (*Posttest*) sa antas ng pag-unawang inferensiyal. Mapapansing mula sa pitompung (70) mga mag-aaral na nagsilbing tagasagot sa pag-aaral, bago gamitin ang mga kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo sa pagsukat ng pag-unawang inferensiyal, karamihan ng mga mag-aaral ay nasa antas na “Di-gaanong Mahusay” (74 pababa) at antas na “Katamtaman” (80-84) na may katumbas na *frequency* na 27 at nakakuha ng *percentage* na 38.6%. Mapapansing magkasingdami ang mga mag-aaral na hindi pa gaano at katamtaman lamang ang kakayahang gumawa o bumuo ng paghula at paghihinuha. Ang kakayahang maiugnay ang mga panibagong kaalaman ay hindi pa sapat.

Samantalang matapos ang paggamit ng mga kontekstuwalisadong palaro, makikitang mas tumaas ang bilang ng mga mag-aaral na nasa antas na “Napakahusay” (90 pataas) na may katumbas na *frequency* na 31 at nakakuha ng *percentage* na 44.3%. Naging mahusay ang mga mag-aaral sa pagkakaroon ng kamalayan para makaisip ng sariling teorya, palagay o hinuha. Ito ay isang panghuhula na may kinalaman sa mga tekstong binasa.

Kailangang taglayin ng mambabasa ang kakayahang lumutas ng suliranin at kakayahang matukoy ang mga nakatagong kahulugan ng pamagat ng binasang akda na lumabas sa pag-aaral na isinagawa ni Ofamin (2013) na pinamagatang “*Isang Pagtalakay Sa Antas Ng Pag-Unawa*”. Gayun din, kinakailangan ding marunong ang mambabasa sa paghalaw ng mga ideya o kaisipan sapagkat ang antas ng pag-unawang inferensiyal ay hindi tuwirang nakalahad sa teksto kundi ipinahihiwatig lamang.

Talahanayan 7

Pauna at Panapos na Pagsusulit sa Malikhaing Pagbasa

Performance Level	Pauna		Panapos		VI
	F	%	F	%	
90 pataas	21	30.0	57	81.4	Napakahusay
85-89	21	30.0	10	14.3	Mahusay
80-84	19	27.1	2	2.9	Katamtaman
75-79	5	7.1	1	1.4	Di-Gaanong Mahusay
74 pababa	4	5.7	-	-	Paunlarin pa
Total	70	100.0	70	100.0	

Ipinapakita sa Talahanayan 7 ang naging resulta ng Paunang Pagsusulit (*Pretest*) at Panapos na Pagsusulit (*Posttest*) sa antas ng pag-unawang malikhaing pagbasa. Batay sa naging resulta, mula sa pitompung (70) mga mag-aaral na nagsilbing tagasagot sa pag-aaral, bago gamitin ang mga kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo sa pagsukat ng antas ng pag-unawa sa malikhaing pagbasa, karamihan ng mga mag-aaral ay nasa antas na “Mahusay” (85-89) at “Napakahusay” (90 pataas) na may katumbas na *frequency* na 21 at nakakuha ng *percentage* na 30.0%. Mapapansing ang mga mag-aaral ay may kakayahan nang ilagay ang kanilang mga sarili sa sitwasyon o pangyayari sa pahayag. May kakayahan na silang maiugnay ang mga sitwasyong maaaring mabanggit sa tunay na pangyayari.

Samantalang matapos gamitin ang mga kontekstuwalisadong palaro, makikitang mas tumaas ang bilang ng mga mag-aaral na nasa antas na “Napakahusay” (90 pataas) na may katumbas na *frequency* na 57 at nakakuha ng *percentage* na 81.4%. Nangangahulugan itong naging mahusay ang mga mag-aaral sa pagbuo ng matibay na pagpapasya. May kaugnayan ito sa kung ano ang tunay na pangyayari o alin ang kathang - isip, katotohanan o opinyon lamang. Nagpapakita ito ng kakayahan ng mambabasa na magbigay ng sariling pasya at pagbibigay halaga sa katumpakan ng pagbabasa.

Ang hindi pagkagambala habang nagbabasa, at ang hindi maalala ang madaling nabasa at sa mas mahabang panahon pagkatapos ng pagbabasa ay mahalagang katangian ng malikhaing pagbasa. Sa panahon ng malikhaing pagbabasa, ang isip ng mga mambabasa ay kasangkot sa mga malikhaing ideya, na nagbibigay daan upang mapanatili ang isip na maging alerto. Sa mga gawaing pagbasa naabot ng mga mambabasa ang isang ideya tungkol sa istilo at uri ng teksto nang hindi ito napapansin na isinasagawa alinsunod sa proseso ng malikhaing pagbasa. Ito ay nabanggit sa pag-aaral na isinagawa ni Kirmizi (2017) na pinamagatang “*The Effect Of Creative Reading And Creative Writing Activities On Creative Reading Achievement*”, kung saan sinabi niyang ang malikhaing pagbasa ay isang paraan ng pagbasa na kinabibilangan ng proseso kung saan ginagawa ang mga gawaing tumutulong sa mga mambabasa na tumuon sa kanilang binabasa. Ang prosesong ito ay nakakaaliw at nakakapag-isip bukod doon ay nangangailangan ng isang tiyak na disiplina.

Talahanayan 8

Pauna at Panapos na Pagsusulit sa Kritikal o Mapanuring Pagbasa

Performance Level	Pauna		Panapos		VI
	F	%	F	%	
90 pataas	3	4.3	23	32.9	Napakahusay
85-89	8	11.4	16	22.9	Mahusay
80-84	21	30.0	22	31.4	Katamtaman
75-79	15	21.4	6	8.6	Di-Gaanong Mahusay
74 pababa	23	32.9	3	4.3	Paunlarin pa
Total	70	100.0	70	100.0	

Ipinapakita sa Talahanayan 8 ang naging resulta ng Paunang Pagsusulit (*Pretest*) at Panapos na Pagsusulit

(*Posttest*) sa antas ng pag-unawang kritikal o mapanuring pagbasa. Mapapansing mula sa pitompung (70) mga mag-aaral na nagsilbing tagasagot sa pag-aaral na ito, bago gamitin ang mga kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo sa pagsukat ng kritikal o mapanuring pagbasa, karamihan ng mga mag-aaral ay nasa antas na “Paunlarin pa” (75 pababa) na may katumbas na *frequency* na 23 at nakakuha ng *percentage* na 32.9%. Makikitang ang mga mag-aaral ay nahirapan sa kritikal na pag-iisip. Wala pang sapat na kakayahan ang mga mag-aaral upang itaguyod at malinang ang kakayahan sa mapanuring pag-iisip.

Samantalang matapos ang paggamit ng mga kontekstuwalisadong palaro, makikitang napakataas ng pagbabagong naganap dahil ang bilang ng mga mag-aaral sa antas na ito ay umunlad hanggang sa “Napakahusay” (90 pataas) na may katumbas na *frequency* na 23 at nakakuha ng *percentage* na 32.9%. Masasabing naging mahusay ang mga mag-aaral sa isang matalinong pagbasa na kinasasangkutan ng kakayahang magbasa sa kabila ng nakalimbag na pahina.

Marahil ay ito ang isinasalang-alang sa pag-aaral na isinagawa ni Manallo (2014) na pinamagatang “*Differentiated Instruction: Estratehiya Sa Pagtuturo Ng Literaturang Filipino*”, na nagsabing magiging epektibo ang mga estratehiyang gagamitin ng isang guro kung matutukoy nito kung saan at paano ito gagamitin. Nararapat di umanong isaalang-alang ang mga katangian ng mga mag-aaral, kaalamang dapat na matutunan, kritikal na mga gawain at mga estratehiyang gagamitin sa pagtuturo upang maiangat ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa ganitong aspekto ay mapapaunlad ng mga mag-aaral ang kakayahan na maunawaan ang tekstong kaniyang binasa at mapagtagumpayan ang hamon sa pagkakaroon ng komprehensyon sa pagbasa.

Talahanayan 9

Test of Difference

Antas ng Pag-unawa	Pauna		Panapos		T	df	Sig. (2-tailed)
	Mean	SD	Mean	SD			
Literal	82.26	3.94	90.86	4.38	14.535	69	.000
Inferensiyal	80.17	4.26	88.17	4.48	15.840	69	.000
Malikhain	85.89	5.72	91.43	3.67	11.463	69	.000
Kritikal	79.37	7.56	87.73	6.54	9.809	69	.000

Note: Highly Significant Difference exists

Ipinapakita sa Talahanayan 9 ang makabuluhang pagkakaiba ng antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang mga kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo. Mapapansin sa talahanayan na mas mataas ang nakuhang *mean* sa Panapos na Pagsusulit (*Posttest*) kaysa sa Paunang Pagsusulit (*Pretest*) ng mga mag-aaral sa bawat antas ng pag-unawa: pag-unawang literal, pag-unawang inferensiyal, malikhaing pagbasa, at kritikal na pagbasa na may *p-value* na .000.

Nangangahulugan ito na may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang mga kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo batay sa pag-unawang literal, pag-unawang inferensiyal, malikhaing pagbasa, at kritikal o mapanuring pagbasa. Naging mabisa at epektibo ang paggamit ng mga kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo sapagkat nalinang ng mga mag-aaral ang kanilang kakayahan sa iba’t ibang antas ng pag-unawa. Ito ay dahil sa napukaw ang diwa at isipan ng mga mag-aaral higit sa lahat ay tumaas ang nakuhang iskor ng mga mag-aaral pagkatapos na gamitin ang mga kontekstuwalisadong palaro.

Inihayag ni Capul (2020) na pinamagatang “*Contextualized Learning Through Engaging Strategies For An Enhanced Critical Thinking Skills In Science 9*” na nagsabing nagiging epektibo sa pagpapahusay ng mga kasanayan sa kritikal na pag-iisip ng mag-aaral ang kontekstuwalisadong pagkatuto sa pamamagitan ng mga nakakaakit na estratehiya. Dahil dito, mas napapalalim at napalalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral ukol sa isang aralin o paksang kanilang pinag-aaralan

Napatunayan din sa pag-aaral na inilarawan naman ni Thompson (2013) na pinamagatang “*Contextualizing Adult Education Instruction To Career Pathways*” na nagsabing ang likas na katangian ng kontekstuwalisadong pagtuturo bilang isang hanay ng mga kasanayan sa pagtuturo at pagtatasa kung saan nangangahulugan ito ng

pagpapahusay ng mga kasanayang dapat na taglayin ng isang mag-aaral upang maisakatuparan ang isang partikular na gawaing natukoy bilang makabuluhan sa buhay ng bawat indibidwal. Sa madaling salita, malaking bahagi sa pagkatuto ang pagkakaroon ng mga estratehiyang higit makapupukaw sa kaalaman ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, malaki ang naitulong ng mga kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

3.2 Konklusyon

Matapos ang masusing interpretasyon at pagsusuri, ang pananaliksik ay humantong sa mga sumusunod na konklusyon. May makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang mga kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo kaya naman ang pagsasawalang bisa ng palagay na “Walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang mga kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo” ay lubos na tinatanggap. Nangangahulugan itong naging epektibo at mabisa ang mga ginamit na kontekstuwalisadong palaro upang mapataas ng mga mag-aaral ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga akdang pampatinitikan.

4. Reference

- Arias, F. (2012). *The research project*. Retrieved from [EL PROYECTO DE INVESTIGACIÓN 6a EDICIÓN](#)
- Capul, R. M. (2020). *Contextualized learning through engaging strategies for an enhanced critical thinking skills in science 9*. Laguna State Polytechnic University, San Pablo City Campus.
- Cavilla, D. (2017). *The effects of student reflection on academic performance and motivation*. Sage Journals.
- Kirmizi, F. S. (2017). *The effect of creative reading and creative writing activities on creative reading achievement*. Pamukkale University.
- Lopez, M. (2016). *Localization and contextualization* hinango sa [MiraLopez-localization-and-contextualization](#)
- Manallo, A. (2014). *Differentiated Instruction: Estratehiya sa pagtuturo ng literaturang Filipino*. Master of Arts in Education Thesis, Sorsogon City.
- Manallo, A. D. (2016). *Differentiated instruction bilang isang estratehiya sa pagtuturo ng literaturang Filipino Sa Grade 7*. Gubat, Rizal: Pambansang Mataas Na Paaralan Ng Rizal.
- Matic-An, D. J. A. (2020). *Ang tagapamagitan epekto ng pangganyak na gawain at ang ugnayan nito sa estratehiya at kasanayang pampagtuturo*. University of Mindanao, Davao City.
<https://www.coursehero.com/file/65243211/HARD-COPYdocx/>
- McCombes, S. (2022). *How to write discussion section*. Scribbr. [How to Write a Discussion Section | Tips & Examples \(scribbr.com\)](#)
- McCombes, Shona (2022). *Descriptive Research Design: Definition, Methods and Examples*. Scribbr. [Descriptive Research Design | Definition, Methods & Examples \(scribbr.co.uk\)](#)
- Milkman, Katherine L. (2014). *Office Hours: The Importance Of Experimentation*. Wharton Magazine.
- Newton, Nicky J. et.al (2018). *Activity Engagement and Activity-Related Experiences: The Role of Personality*. J Gerontol B Psychol Sci Soc Sci., 73(8), 1480-1490. doi: 10.1093/geronb/gbw098
- Nikolopoulou, Kassiani (2022). *What Is Purposive Sampling? | Definition & Examples*. Published on August 11, 2022. Revised on December 1, 2022.
- Ofamin, S. R. (2013). *Isang Pagtalakay Sa Antas Ng Pag-unawa: Maynila: Sa Kuko Ng Liwanag*. Retrieved on January 24, 2013 from <https://www.scribd.com/doc/122004179/Antas-ng-Pag-unawa>
- Pachina, Elizaveta (2020). *The Importance of Discussion as a Teaching Method*. *International TEFL and TESOL Training*.
- Thompson, (2013). *Contextualizing Adult Education Instruction To Career Pathways*. Retrieved September 14, 2019 from https://tcall.tamu.edu/docs/ContextualizingAdultEdInstructionCareer_pathways.pdf
- Thomson, Pat (2022). *Finding Debates And Discussions In The Literature*. *Global Education Network*.